

Madaling makaligtaan ang mga sintomas ng pagkalason sa tingga. Tulad ko.



Alamin kung paano nalalantad ang mga tao sa tingga at kung paano maiiwasan ang pinsala.

Matagal nang itinigil ang paggamit ng tingga sa mga pintura at tubo ng tubig sa bahay. Ngunit nananatili pa rin sa atin ang panganib nito hanggang ngayon.

Dahil mahilig sumubo ng mga bagay sa bibig ang mga bata, mas mataas ang kanilang panganib. Tinatayang 500,000 batang Amerikano ang may mataas na antas ng tingga sa kanilang dugo, ayon sa Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC).

Mabuti na lang, may mga simpleng hakbang na maaari mong gawin upang mapanatiling ligtas ang iyong pamilya.

Walang ligtas na antas ng tingga sa dugo.

Kahit ang mababang antas ng pagkakalantad sa tingga ay maaaring makasira sa kakayahan ng bata sa pagkatuto at paglaki. Kaya mahalagang ipasuri ang mga batang posibleng nalantad sa tingga, lalo na kapag edad 1 o 2.



Alamin ang mga pinagmumulan

Bukod sa lumang pintura, kabilang sa karaniwang pinagmumulan ang tubig mula sa mga lumang tubo na gawa sa tingga, lupang kontaminado ng tingga, at ilang imported na laruan at alahas.



Magsagawa ng pag-iwas

Suriin ang iyong tahanan. Kung nakatira ka sa bahay o apartment na itinayo bago ang taong 1978, ipasuri ito sa isang sertipikadong tagasuri ng tingga. Masasabi rin ng iyong supplier ng tubig kung may mga tubo na gawa sa tingga na nakakonekta sa iyong bahay.



Alamin ang mga sintomas

Mahirap tukuyin sa mga bata ang mga epekto ng pagkakalantad sa tingga. Maraming bata ang walang malinaw na palatandaan ng karamdaman, ngunit maaaring magdulot ang tingga ng mga problema sa pag-uugali, pandinig, at pagsasalita. Kaya kung sa tingin mong nalantad ang iyong anak sa tingga, pinakamainam na kumonsulta sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan upang maisagawa ang pagsusuri sa dugo.



Magpasuri

Makipag-usap sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa pagpapasuri ng dugo ng iyong anak para sa tingga. Batay sa resulta, maaaring magrekomenda ang mga provider ng pangangalagang pangkalusugan ng mga susunod na hakbang at pangangalaga.

